from the
UPPER ROOM

# Mga Hindi Pangkaraniwang Himala

WEEK 4

## WARM-UP

- Sino ang tinitingala mo bilang imahe ng isang ama? Ano ang mga katangiang pinapahalagahan mo sa taong ito?
- Nasubukan mo na bang gumamit ng pangalan ng ibang tao upang makuha ang gusto mo? Ano ang naging resulta nito?
- Paano mo ipinapakilala ang sarili mo sa taong kakakilala mo pa lang? Ano ang gusto mong malaman ng taong ito tungkol sa iyo?

## WORD

*"Ngunit pagdating ng Banal na Espiritu sa inyo, bibigyan niya kayo ng kapangyarihan. At ipapahayag ninyo ang mga bagay tungkol sa akin, mula rito sa Jerusalem hanggang sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa buong mundo."* **MGA GAWA 1:8**

*11 Maraming pambihirang himala ang ginawa ng Diyos sa pamamagitan ni Pablo. 12 Kahit mga panyo at mga epron na ginagamit niya ay dinadala sa mga may sakit at gumagaling sila, at lumalabas din ang masasamang espiritu.* **MGA GAWA 19:11–12**

(Basahin din ang **MGA GAWA 19:8–10, 13–20.**)

Tinawag si Pablo na maging apostol hindi lamang sa mga Judio, kundi maging sa mga hindi Judio. Sa isa niyang mga paglalakbay, binisita niya ang Efeso at ipinatong niya ang kanyang kamay sa ilang mga disipulo upang sila ay mabautismuhan ng Banal na Espiritu, isang bagay na hindi pa nila nagawa noon. Bilang espiritwal na ama ng iglesya sa Efeso, nangaral si Pablo sa iba't ibang klase ng tao habang nagsasagawa rin ng mga himala. Ngayong araw, titingnan natin kung paano sinimulan ng Diyos ang espiritwal na pagkamulat sa Efeso sa pamamagitan ni Pablo habang mabilis na lumalago ang iglesya.

## 1 Ang mga hindi pangkaraniwang himala ay ginawa sa pamamagitan ni Pablo.

*[11]Maraming pambihirang himala ang ginawa ng Diyos sa pamamagitan ni Pablo. [12]Kahit mga panyo at mga epron na ginagamit niya ay dinadala sa mga may sakit at gumagaling sila, at lumalabas din ang masasamang espiritu.* **MGA GAWA 19:11–12**

Pinagtitibay ng mga himala ang pangangaral ng salita ng Diyos. Hindi iba ang pananatili ni Pablo sa Efeso. Nanatili siya roon ng tatlong buwan upang mangaral sa mga sambahan ng mga Judio bago siya lumipat sa paaralan ni Tyrannus, isang estratehikong lugar kung saan natututo ang mga tao. Patuloy itong ginawa ni Pablo at ng mga disipulong taga-Efeso sa loob ng dalawang taon habang nagsasagawa sila ng mga hindi pangkaraniwang himala sa mga Judio at sa mga hindi Judio. Sa tingin mo, ano ang mga hindi pangkaraniwang himalang ito?

## 2 Natakot sa Diyos ang mga tao at pinarangalan nila ang pangalan ng Panginoong Jesus.

*Ang pangyayaring ito ay nabalitaan ng lahat ng Judio at mga hindi Judio na nakatira roon sa Efeso. Natakot sila, at lalo pang naparangalan ang pangalan ng Panginoong Jesus.* **MGA GAWA 19:17**

Bagama't maraming tao ang naniwala kay Cristo, may ibang nagduda at ginamit pa ang pangalan ni Jesus sa maling kadahilanan. Mayroong grupo ng mga taong nagpapalayas ng espiritu na kilala bilang mga anak ni Esceva. Sinubukan nilang paalisin ang mga masasamang espiritu sa isang lalaki kahit na hindi naman sila mga tagasunod ni Jesus. Dahil dito, nabigo sila at nasugatan. Nabalitaan ito ng mga taga-Efeso at naunawaan nila ang kabanalan ng pangalan ni Jesus. Ginamit ito ng Diyos upang matakot sila sa Kanya at purihin nila si Jesus. Paano nito pinagtitibay ang kahalagahan ng pagkakaroon ng tapat na ugnayan sa Diyos?

## 3 Tinalikuran ng mga mamamayan ang kanilang masasamang gawain.

*Marami sa mga sumasampalataya ang lumapit at nagtapat ng kanilang masasamang gawain.* **MGA GAWA 19:18**

Kapag tinanggap ng mga tao si Jesus bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas, nagkakaroon ng pagbabago sa kanilang kalooban na nakita sa paraan nila ng pamumuhay. Iyan mismo ang nangyari sa mga bagong mananampalataya sa Efeso. Dahil sa takot sa Diyos at sa Kanyang kabanalan, tinalikuran nila ang kanilang masasamang gawain at kamunduhan. Sinunog ng mga nagmamay-ari ng mga aklat ng mahika ang kanilang mga libro sa harap ng publiko bilang pagpapahayag ng kanilang pananampalataya. Hinangad nila ang isang bagay na mas mahalaga pa sa kung ano ang mayroon sila—ang buhay kapiling ang Diyos. Ibahagi kung ano ang tinalikuran mo upang mapalapit kay Cristo.

## 4 Lumaganap ang kapangyarihan ng salita ng Diyos.

*Dahil sa pangyayaring ito, lalo pang lumaganap ang kapangyarihan ng salita ng Diyos.* **MGA GAWA 19:20**

Mapagkakatiwalaan ang salita ng Diyos at makikita ito sa pamamagitan ng pangangaral at mahimalang gawain ng Banal na Espiritu. Nagbago ang mga buhay ng mga mamamayan ayon sa aklat ng Mga Gawa dahil naniwala sila sa pangangaral ng ebanghelyo at nakaranas sila ng mga himala. Hanggang ngayon, patuloy na lumalaganap ang kapangyarihan ng salita ng Diyos. Ipinapaalala sa atin ng paglago ng iglesya sa Efeso na dapat tayong umasa na magkakaroon ng mga himala hindi lamang para maranasan natin ang mga ito, kundi para maipangaral ang ebanghelyo. Ano ang ibig sabihin ng paglaganap ng kapangyarihan ng salita ng Diyos? Sa tingin mo, paano ito nakikita sa panahon ngayon?

## APPLICATION

- Sa tingin mo, paano ka makakapamuhay nang ipinapakilala si Jesus at magiging daluyan ng Kanyang mga himala?
- Kung wala ang gabay at biyaya ng Diyos, maaari tayong mauwi sa pagbibigay kasiyahan sa ibang tao sa halip na magbigay karangalan sa Kanya. Hingin sa Diyos na bigyan ka ng mas malalim na pag-unawa sa kung sino Siya upang maakay mo ang ibang tao papunta sa Kanya.
- Sino sa inyong komunidad ang nangangailangan ng kagalingan o kalayaan? Paano ka makakatulong sa taong ito? Humingi ng himala at tapang sa Diyos upang makatulong.

## PRAYER

- Purihin ang Diyos sa paggamit ng Kanyang mamamayan bilang daluyan ng Kanyang himala at sa pangangaral ng Kanyang salita. Pasalamatan ang Diyos sa pagbabago ng buhay ng mga tao habang nakikilala ang Kanyang pangalan.
- Humingi ng kapatawaran sa Diyos sa pagtitiwala mo sa sarili mong abilidad kahit na mabuti ang iyong intensyon. Ipanalangin na lagi kang makasabay sa Diyos sa halip na magsumikap na gawin ang mga bagay nang mag-isa.
- Ipanalangin ang taong lubos na nangangailangan ng kagalingan mula sa Diyos. Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos upang ipakita ang Kanyang pag-ibig sa taong ito sa mga susunod na araw.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leo Angcajas Jr., Josh Hernandez

victory.org.ph